BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

PASER® (p-aminosalicylic acid granules)

PASER® (p-aminosalicylic acid granules)

Ang PASER ay isang antibacterial na ginagamit sa paggamot ng tuberkulosis, at paminsan-minsan, ibang mga may kinalamang kondisyon.

.

Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)

- Inumin ito kasabay ng pagkain upang bawasan ang pagkasira ng tiyan.
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Ilagay ang granules sa acidic food tulad ng acidic na pagkain tulad ng apple sauce o yogurt o IHALO sa isang fruit drink tulad ng: tomato juice, orange juice, grape juice, cranberry juice, apple juice o fruit punch at lunukin ang granules nang hindi nginunguya.
- **Huwag gamitin kung ang pakete ay parang puno ng hangin o kung ang granules ay hindi na kulay tan at ito'y naging dark brown o purple.**
- Maaaring may mga walang-lamang granules sa iyong dumi.

Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Bago inumin ang **PASER,** siguraduhing sabihin sa iyong doktor, nars, o parmasyotiko an glahat ng mga gamot (kabilang ang mga hindi nangangailangan ng reseta) na iniinom mo. HUWAG simulan ang isang bagong gamot nang hindi kinokonsulta ang isang doktor o parmasyotiko.

PASER® (pagpapatuloy)
PASER® (cont'd)

Ano ang ilan sa posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

- Alibadbad at pagsusuka
- Diarrhea, pagkasira ng tiyan

Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:

- singaw sa balat
- lagnat
- walang tigil na alibadbad o pagsusuka
- kawalan ng ganang kumain
- paninilaw ng balat o puting bahagi ng mga mata
- di-karaniwang pagkapagod o kahinaan
- madilim na kulay ng ihi
- iba pang walang-tigil na side effects

Sabihin sa iyong doktor kung nakararanas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa information sheet na ito.

Maaring kailanganin mo ng Vitamin B12 na iniksyon kung ikaw ay umiinom ng PASER nang mahigit sa isang buwan. Konsultahin ang iyong doktor kung ikaw ay nanghihina o pagod.

Ang PASER ay maaaring makasagabal sa ilang **ketone tests** sa ihi.

Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay buntis, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong pasusuin ang iyong sanggol.

Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata.
- Itago sa **refrigerator** o **freezer** (mas mababâ sa 15^{o}C).
- Iwasan ang sobrang init

Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: _____

Vancouver TB Services Clinic:	604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic:	604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services:	604-707-2580